People's tonight I 22 June 2018 I 11

# Belmonte ipinaliwanag problema sa mga tricycle

Ni JUN I. LEGASPI

OVERLOADING, out of line at colorum ang concern dito hindi school service.

Ito ang paliwanag ni Quezon City Vice-Mayor Joy Belmonte, sa panukala ng Land Transportation Franchising and Regulatory Board (LTFRB) na ipagbawal ang tricycle gamiting school service.

"Compared to school bus service, tricycle is much cheaper and practical to rides, beside its extra income of tricycle drivers," said Belmonte.

"I understand that LTFRB wants to ban tricycle school service, pero hindi 'yan ang isyu. Ang isyu ay 'yung overloading at colorum," pahayag ng bise alkalde sa isang panayam. "Tricycle kasi is under the LGU and then 'yung fare much lower. 'Yung school bus, unang una, 'di nakakadaaan sa iskinita," saad pa ni Belmonte.

Sa ilalim ng Quezon City Tricycle Management Code, ang mga driver ng tricycle na nag-o-overloading ay pagmumultahin ng P200; colorum, P3,000 at pag-impound ng sidecar; at out-of-line, P1,000.

Ang pagsakay ng pasahero sa ibabaw ng tricycle o pagsabit sa labas nito ay may kaukulang multa naman na P300.

Sa hiwalay na interview, sinabi ni Rolando Bantique, president ng 3-Gulong Phil., Inc., sa pamamagitan ng kanilang legal counsel na si Atty. Ariel Inton Jr., ng Lawyers for Commuters Safety and Protection (LCSP), gumawa na sila ng formal letter kay Belmonte upang mabilis na mabigyan ng sagot ang problema sa tricycle lalo na sa Katipunan area.

Ayon kay Bantique, naapektuhan na ang kanilang kabuhayan, maging ang mga magulang at estudyante ay naapektuhan sa nasabing problema.

Noong 2014, pinangunahan ni Belmonte, bilang presiding officer ng Sangguniang Panglungsod, ang pagpasa sa Ordinance No. SP-2337-2014 o ang "Quezon City Tricycle Management Code of 2014" na nagtatakda ng mga regulasyon sa operasyon ng mga tricycle sa lungsod.

24,700 ang mga lehitimong tricycle sa lungsod na mula sa 150 TODA, ayon kay Belmonte.

Nito lang Martes ay nagsagawa ng operasyon ang Interagency Council for Traffic (I-ACT) sa Katipunan Avenue sa Quezon City laban sa mga tricycle na dumadaan sa naturang highway.